ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LVI Blg. 10
Mayo 21, 2025
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

Ilantad ang bulok na reaksyunaryong halalang batbat ng dayaan

Dayaan ang tatak ng halalan sa ilalim ng reaksyunaryong estado sa Pilipinas. Muli itong ipinakita sa nagdaang eleksyon kung saan naging laganap, sistematiko at garapalan ang manipulasyon ng resulta ng botohan upang paburan ang naghaharing papet na rehimeng Marcos.

Sa harap ng kaliwa't kanang anomalya at kapalpakan ng sistema sa pagbibilang ng boto ng Commission on Elections at Miru Systems, hindi mapaniwala ang malaking bahagi ng taumbayan na ang resulta ng eleksyon ay salamin ng tunay na boto ng mamamayan. Mula nang magsimula ang dekompyuter na bilangan sa Pilipinas, nadala sa walang kapantay na antas ang dayaan, malawakang "dagdag-bawas" na walang nakakikita at nakaaalam, liban sa naghaharing pangkatin at pribadong dayuhang kumpanyang gumawa ng sistemang hindi ibinubukas o ipinabubusisi sa publiko.

Laganap din ang iba pang anyo ng pandaraya sa eleksyon tulad ng bilihan ng boto, paggamit ng pondong pampubliko (laluna sa paraan ng pamamahagi ng ayuda ng gubyerno), pandarahas at paninindak, at *Red-tagging*.



Napanatili ng rehimeng Marcos ang mayoryang kontrol sa Senado at Mababang Kapulungan. Sa pamamagitan ng kontrol sa Kongreso, tiyak na itutulak pang lalo ni Marcos ang badyet, mga batas at programa na alinsunod sa dikta ng dayuhang mga bangko at kumpanya, na pabigat at pahirap sa bayan. Tiyak na gagamitin ang pangingibabaw na ito sa Kongreso upang pangalagaan ang interes ng pangkating Marcos.

Todo-todo ang ginawang panghihimasok ng imperyalismong US sa eleksyon sa Pilipinas. Lubhang nangangamba ito sa lumalalim na krisis sa pulitika ng naghaharing sistema, sa harap ng tumitinding sigalot ng pangkating Marcos at Duterte. Sa partikular, sa harap ng lumalalang krisis sa kabuhayan at tumitinding galit ng taumbayan, nangangamba ito sa pagkahiwalay ng papet nitong si Marcos, at paglakas ng pangkating Duterte, na ginagamit ng karibal nitong China para magpalalim ng impluwensya sa Pilipinas.

Ginamit ng US ang kapangyarihan, impluwensya at ugnayan ng mga ahente nito sa pulitika, negosyo, midya, simbahan at iba pang sektor upang palitawin ang isang "ikatlong pwersa" na binubuo ng mga partido at pulitiko na mapagkaibigan sa US na kasalukuyang nakahanay sa koalisyon ng Liberal-Akbayan-Pink (LAP). Binuo ang mga aregluhan sa pulitika upang tiyaking mangunguna ang mga kandidato nito sa Senado at sistemang *party-list*, upang maipambato at ipantapat sa pangkating Duterte sa eleksyong 2028.

Idiniin nito si Marcos na dalhin ang mga kandidato ng LAP sa pagkasenador na sina Bam Aquino at Francis Pangilinan. Inamin mismo ng tagapagsalita ng partido ni Marcos na puspusan nilang itinulak ang kandidatura ng dalawa. Kasabay nito, nakipag-areglo ang kilalang personahe ng LAP na si Leni Robredo sa Iglesia ni Cristo para dalhin si Aquino,

kapalit ng kanyang pag-endorso kay Rodante Marcoleta, kilalang tagasibasib ni Duterte, laluna kontra ABS-CBN noong 2020. Sadyang "nasorpresa" ang lahat na nakuha ng dalawa ang ikalawa at ikalimang pwesto (mula sa ranggong 13 pababa sa mga sarbey). Nangangabuhulbuhol ang dila ng pangkating Marcos at LAP, at mga tagasuporta nito sa akademya, masmidya at simbahan, sa pagpapaliwanag sa "sorpresang" ito, sa tangkang buhusan ng malamig na tubig ang kilusang kontra sa dayaan at maruming pulitika.

Tulad sa nagdaang eleksyon, itinulak ng imperyalismong US ang todo-largang kampanya ng rehimeng Marcos laban sa mga makabayan at progresibong grupo na kumandidato sa senado at *party-list*. Ginamit nito ang NTF-Elcac, militar at pulis at buong rekurso ng estado sa malawakang *Red-tagging*, paninindak, pagsasampa ng gawa-gawang kaso, pag-aaresto at pagpaslang. Upang bigyang matwid ang pampulitikang panunupil, ginamit ni Marcos ang pasistang katwiran na ang mga grupong ito'y bumubuo ng "insurhensyang nagkubli sa eleksyon," sa tangkang sarhan ang lahat ng larangan para sa demokratikong pagpapahayag.

Katulad sa mga nagdaang taon, tinarget sila ng sistematikong pagbabawas ng boto ng mga progresibong *party-list* gamit ang dekompyuter na sistema ng pagbibilang. Sinusuportahan ng US at papet na rehimeng Marcos ang mga maka-US na grupong repormista katulad ng Akbayan na mapanlinlang nilang inilalarawan na "Kaliwa" upang ilihis ang taumbayan mula sa landas ng tunay na makabayan at demokratikong pagbabago. Layunin nito na busalan ang lahat ng nagsasalita laban sa tumitinding panghihimasok militar ng US sa Pilipinas at paggamit sa bansa bilang malaking base militar para mag-istasyon ng libu-libong tropang Amerikano at maglagak ng mga sandata kaakibat ng paghahanda nito ng gera laban sa China.

Sa kabila nito, nagawa ng mga grupong ito na makapaglunsad ng malawakang kampanya sa buong bansa. Malinaw nilang dinala ang programa para isulong ang pambansa at demokratikong adhikain ng taumbayan, at ang mga panawagan para sa nakabubuhay na sahod at sweldo, trabaho, mababang presyo ng pagkain at langis, at iba pang kagyat na panawagan at pangangailangan ng mga manggagawa, magsasaka at iba pang hikahos at aping sektor ng lipunang Pilipino. Sa paglahok nila sa halalan, nagawa nilang hamunin, ilantad at batikusin ang paghahari ng mga burukratang kapitalista, burgesyang komprador at panginoong maylupa.

Muling ipinakita ng nagdaang halalan sa bansa na walang tunay na demokrasya sa Pilipinas. Napapalamutian lamang ang reaksyunaryong gubyerno ng bihis ng demokratikong paligsahang pampulitika, na ang totoong nakapaglalaro lamang ay mga partido at kandidatong may limpak-limpak na salapi na pambili sa kapangyarihan.

Itinuturo ng kasaysayan na kailangan ang rebolusyonaryong pakikibaka para makamit ang tunay na pagbabago na hinahangad ng sambayanang Pilipino. Layunin ng rebolusyon na agawin ang kapangyarihang pampulitika mula sa mga naghaharing uri upang maitayo ang isang tunay na demokratikong gubyernong kakatawan sa interes ng sambayanan. Kailangang hawakan ng mga aping uri ang estado poder upang ipatupad ang mga pagbabago sa ekonomya at sistemang panlipunan pabor sa taumbayan.

Magagawa lamang ang pagbabagong ito sa pamamagitan ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka, bilang pangunahing anyo ng pakikibaka, kaakibat ang iba pang anyo ng paglaban. Sa pamamagitan ng pagsusulong ng Bagong Hukbong Bayan sa matagalang digmang bayan para baha-bahaging durugin ang lakas ng kaaway, antas-antas na itinatayo ng BHB at masa ang bagong demokratikong gubyerno at bagong sistemang panlipunan, kung saan ang masa ang nakikinabang sa yamang kanilang nililikha.

Nagpupunyagi ang sambayanang Pilipino at kanilang mga rebolusyonaryong pwersa sa landas ng armadong pakikibaka na may determinasyong sumulong at kamtin ang tagumpay sa hinaharap. Walang makapipigil sa pagtupad nila ng pangkasaysayang tungkulin na kamtin ang pambansang kalayaan at tunay na demokrasya. AB

ANG Bayan

Tomo LVI Blg. 10 | Mayo 21, 2025

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

Nilalaman


Editoryal: Ilantad ang bulok na reaksyunaryong halalang batbat ng dayaan 1
Walang bago sa eleksyon 2025 3
Tuloy ang laban ng Makabayan 4
Mga protesta 4
Manipulasyon sa presyo ng langis 5
"Planong pangkapayapaan" ni Marcos, huwad 6
Sa madaling salita 7
Pang-aagaw ng lupa sa Lanao del Sur 8
Mapanlinlang na kapayapaan 9
2 Pulang mandirigma, dinukot at sadyang pinaslang 9
Pagbasura ng kontrata sa PrimeWater, lumalawak 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

Walang bago sa eleksyon 2025

Tulad sa nagdaang mga eleksyon, pinagharian ng "guns, goons, gold" ang eleksyong midterm ngayong 2025. Lantaran ang naging dayaan at maniobrahan gamit ang *automated* na halalan at karahasan laban sa karaniwang mamamayan. Walang bago sa eleksyon, at binigyan nitong muli ng demokratikong tabing ang pagluluklok sa mga kinatawan ng malalaking panginoong maylupa, malalaking burgesyang kumprador at ng imperyalistang US.



Batbat ng dayaan

Ilang araw bago ang botohan, nalantad na pinalitan ng Miru at Comelec ang sistemang kumukontrol sa mga "automated counting machine" na hindi dumaan sa independyenteng pagkilatis at pagrepaso.

Sa mismong araw, samutsaring anomalya ang naiulat ng mga grupong tagamasid sa eleksyon. Sa ulat ng grupong Kontra Daya, mahigit 50% ng mga reklamong natanggap nila ay may kaugnayan sa pumalpak na mga makina, kasunod ang iligal na pangangampanya, bilihan ng boto at nawawalang mga pangalan sa mga listahan ng botante. May mga ulat rin ng *Red-tagging* at pagpapakalat ng pekeng balita.

Pagbukas pa lamang ng mga presinto, dagsa na ang mga reklamo tungkol sa "inconsistency" ng mga makina ng Miru Systems Co. Ltd, kumpanyang South Korean, na binayaran ng gubyerno ng ₱18 bilyon.

Kabilang dito ang maraming ulat ng hindi tinanggap na mga boto dahil sa "overvoting" (sobrang boto sa mga pusisyon). Mayroon ding ulat ng"undervoting" (kulang na boto) kahit pa kumpleto ang minarkahan ng mga botante. Pinuna ng mga grupo ang "marker" (*pentel pen*) na ginamit na masyadong makapal ang tinta at mataas na "sensitivity" ng makina.

Ayon sa Parish Pastoral Council for Responsible Voting (PPCRV), ngayong eleksyon lamang sila nakatanggap ng ganoong dami at klase ng mga reklamo. Anito, hindi malalaman kung tugma ang mga boto sa balota sa inirerehistro ng makina, liban na lamang kung manwal na bilangin ang mga ito.

Mayroong 18.2 milyon ang naitalang "overvote" kung saan 16.8 ang sa mga senador habang mayroong halos 3.3 milyon sa *party-list*. Dagdag dito, maraming mga presinto ang nahuli nang nagsimula ng botohan dahil hindi kinakain ang balota.

Iniulat rin ng PPCRV ang mga anomalya sa pagbato ng Comelec ng mga resulta ng bilangan. Alas-8 ng gabi sa araw ng botohan, inireklamo ng grupo na hindi nito sabay na natanggap ang mga *electoral transmission.* Ang natanggap nilang 15% ay naglalaman lamang ng "headers" at hindi ng aktwal na mga boto. Lalong naging kaduda-duda ang bilangan nang biglang ibawas ng Comelec ang 5 milyong boto mula sa 15,000 presinto dahil "nadoble" diumano ang pagbilang ng mga ito.

Batbat rin ng anomalya ang "online voting" ng mga *overseas* Filipino *workers* kung saan nahirapan silang bumoto dahil dito.

Napakarami rin ng naiulat na karahasang may kaugnayan sa eleksyon sa panahon ng kampanya. Mula Enero hanggang Abril, may naiulat na 26 insidente. Sa bisperas at mismong araw ng botohan, laganap ang mga ulat ng barilan at armadong atake na nagresulta sa 16 patay.

Samantala, hindi nagampanan ng European Union Election Observation Mission ang buong tungkulin nitong magmasid sa eleksyon sa bansa matapos silang pagbawalan ng Comelec na makapasok sa mga presinto sa araw ng halalan. Napuna rin nila ang laganap na bilihan ng boto sa bansa.

Naitala rin ng International Observer Mission ang patung-patong na mga anomalya sa kanilang pagmamasid. Humarap din ito sa tahasang panunupil ng estado nang pagbawalan ang isang delegado nito na makapasok sa Pilipinas at i-*deport* sa US.

Paghahari ng iilan

Natapos ang eleksyon 2025, ngunit walang bago at pare-pareho pa rin ang mga pangalan ng mga nanalo at nakakuha ng poder.

Limang Marcos ang nanalo sa nagdaang eleksyon. Mauupo bilang senador si Imee Marcos, si Cecilia Araneta-Marcos bilang gobernador at Matthew Joseph Manotoc bilang bise gobernador, si Ferdinand Alexander Marcos (Sandro) at Angelo Marcos Barba bilang kongresista ng una at ikalawang distrito ng Ilocos Norte.

Sundan sa pahina 4

Mula sa pahina 3

Hindi naman bababa sa limang Romualdez, kamag-anak rin ng mga Marcos, ang nakakuha ng pwesto sa Leyte. Nanalo bilang kongresista si Martin Romualdez sa unang distrito ng Leyte. Nakopo nila ang pusisyon ng alkalde, bise alkalde, at isang konsehal sa Tacloban City. Isang Romualdez din ang uupo bilang isa sa tatlong kinatawan ng Tingog Party-list, partidong binuo ng pamilya.

Sa panig ng mga Duterte, anim ang nanalo sa eleksyon. Dagdag sila sa nakaupong si Bise Presidente Sara Duterte at isang barangay kapitan sa Davao City. Nakopo ng mga Duterte ang buong Davao City (alkalde, bise alkalde, kongresista ng una at ikalawang distrito at isang konsehal). Nahalal na alkalde si Rodrigo Duterte kahit na nakakulong sa International Criminal Court sa The Hague dahil sa kasong krimen sa sangkatauhan. Nanalo rin ang isang Duterte na unang nominado ng PPP Party-list.

Samantala, nakakuha ng tatlong pwesto ang Duterte Youth Party-list na bagaman hindi mga Duterte ang nominado ay nagsisilbing ekstensyon ng kanilang kapangyarihan.

Sa Senado, dalawang Tulfo ngayon ang nakaupo matapos manalo si Erwin. Mayroon ding tig-dalawang senador ang mga Cayetano at Villar. Dati nang nakaluklok dito ang magkapatid sa ilalim ng pamilyang Ejercito-Estrada.

Nananatili naman ang kapit ng mga Bulut sa Apayao, mga Ortega sa La Union, pamilyang Dy sa Isabela, Ebdane sa Zambales, Kho sa Masbate, mga Tan ng Samar, Alonto-Adiong ng Lanao del Sur, Hataman-Salliman ng Basilan, pamilyang Sali sa Tawi-Tawi at marami pang iba. AB

Tuloy ang laban ng Makabayan

MATAPOS ANG HALALAN, ipinahayag ng Koalisyong Makabayan ang pasasalamat sa lahat ng mga tagasuporta, kampanyador at bumoto sa 11 kandidato nito sa pagkasenador at apat na *party-list*. Tiniyak ng koalisyon na magpapatuloy sila sa pakikibaka para sa mga demokratikong karapatan ng mamamayang Pilipino kahit tapos na ang kampanya at halalan.

Nakatanggap ng kalahating milyon hanggang 4.64 milyong boto ang mga kandidato sa pagkasenador ng Makabayan. Ang apat na *party-list* ng Makabayan na ACT Teachers, Kabataan, Gabriela Women's Party (GWP) at Bayan Muna ay nakakuha ng kabuuang 1.08 milyong boto. Tig-isang pwesto ang nakuha ng Kabataan at ACT Teachers habang bigo ang GWP at Bayan Muna na manalo.

Ayon sa koalisyon, ang boto at suporta na kanilang natanggap ay hindi lamang numerong mananatili sa balota, kundi patunay ng paninindigan laban sa bulok na sistemang matagal nang nanliligalig sa bansa. Simbolo umano ito ng bilang ng manggagawang Pilipino na lumalaban para sa dagdag sahod at disenteng trabaho, mga magsasakang naninindigan para sa kanilang karapatan sa lupa, mga kabataang naghahangad ng kinabukasang makatarungan at malaya, at iba pang nakikibakang demokratikong sektor.

Nagawang ilunsad ng Makabayan ang isang pambansang kampanya at makakalap ng milyun-milyong boto sa kabila ng lantarang pandaraya sa eleksyong 2025 gamit ang mga *automated* na makina, sustenido at koordinadong atake ng mga pwersa ng estado, walang tigil na *Red-tagging* at panunupil, at kampanya ng disimpormasyon.

Nanindigan ang koalisyon laban sa mga ito. Nakiisa sila sa mga demonstrasyon at piket ng Kontra Daya at Bagong Alyansang Makabayan sa iba't ibang bahagi ng bansa.

Noong Mayo 13, nagmartsa ang mga raliyista patungong Manila Hotel sa Maynila kung saan naglulunsad ng pambansang bilangan ang Comelec. Sa araw ding iyon, naglunsad ng protesta ang mga grupo at partido sa Iloilo City at Cavite City. Noong Mayo 14, muling nagprotesta ang GWP sa Manila Hotel at nagkaroon din ng demonstrasyon sa Quezon City, Trece Martires City sa Cavite, Batangas, Laguna, Aklan, at Cebu. Nagkaroon ng katulad pang mga protesta sa mga sumunod na araw.

Isang malaking rali din ang inilunsad ng mga grupo noong Mayo 19 sa Manila Hotel kasabay ng proklamasyon ng mga nanalo sa eleksyong *party-list*.



60-araw Lakbayan mula Zamboanga. Naglunsad ng 60-araw na martsa ang mga magsasaka, mangingisda at katutubong mamamayan mula sa iba't ibang prubinsya upang tutulan ang pangangamkam ng lupa at katubigan, na kanilang tirahan at pinagmumulan ng kabuhayan. Nagsimula ito noong Marso 13 sa Zamboanga Sibugay at nagtapos sa Metro Manila noong Mayo 10.

Pagpupugay sa mga manggagawang pangkalusugan. Naglunsad ng kalampagan at piket ang mga unyon sa ilalim ng Alliance of Health Workers noong Mayo 7 bilang paggunita sa Araw ng mga Manggagawang Pangkalusugan. Ang mga pagkilos ay pangunahing inilunsad sa Metro Manila, habang mayroon ding pagtitipon sa Baguio City sa pangunguna ng Coalition of Health Workers' Organizations in the Cordillera.

Labanan ang *dredging*. Tinutulan ng mga residente ng Barangay Silonay, Calapan City, Oriental Mindoro ang planong *dredging* sa baybaynin nito at katabing Barangay Maidlang. Ipinahayag nila ang pagtutol sa isinagawang pampublikong konsultasyon noong Mayo 9, sa suporta ng Mindoro Forum Network (MFN), Alyansa Laban sa Mina, at mga upisyal ng barangay. Dumating noong Abril 29 ang malalaking trak sa bukana ng Silonay-Bucayao River para sa *sand testing* na ikinababahala ng mga residente.

Manipulasyon, ispekulasyon at monopolyong pagtatakda sa presyo ng langis

Kada Martes, nagbabago ang presyo ng mga produktong pretrolyo sa Pilipinas. Mula Enero hanggang Mayo 20, tumaas ito nang 11 beses habang 10 beses naman itong bumaba. Mas malalaki ang mga pagtaas kumpara sa mga pagbaba na nagresulta sa netong dagdag na ₱4/litro sa presyo ng gasolina at ₱3.80/litro sa presyo ng *diesel*.

Noong Mayo 20, muling nagprotesta ang mga demokratikong grupo, sa pangunguna ng Bayan Muna, laban sa isa na namang malakihang pagtaas ng presyo (₱1.30/litro sa gasolina;₱1.80 sa diesel, at ₱0.95-₱1.40 sa kerosene). Ito ay sa kabila ng tuluy-tuloy na pagbaba ng presyo ng krudong langis sa pamilihan mula pa Abril nang hanggang $10 kada bariles.

Lagi't lagi, idinadahilan ng mga kumpanya ng langis at ng Department of Energy (DoE) na ang pagtaas ng presyo ay "salamin ng pagbabago-bago ng presyo ng krudong langis sa pandaigdigang pamilihan." Kabilang sa mga idinadahilan ang pagbabawas ng produksyon ng Organization of the Petroleum Exporting Countries (OPEC), pagtaas ng demand sa malalamig na bansa, pati na rin pagsiklab ng mga armadong sigalot na may kaugnayan sa mga prodyuser ng langis.


Manipulasyon at monopolyong pagpepresyo

Hindi prodyuser ng langis ang Pilipinas. Nag-iisa na lamang ang planta nitong nagrerepina ng krudong langis. Noong 2024, tinatayang nasa abereyds na 471,000 bariles ng iba't ibang klaseng produktong petrolyo kada araw ang kinokonsumo sa bansa, kung saan 95-99% nito ay imported. Noong 2022, 78.2% ng imported na langis ay repinado, habang 21.8% lamang ang iniimport na krudong langis.

Sa gayon, totoong apektado ang lokal na presyo ng langis ng pabago-bagong presyo ng krudong langis sa mundo, pero hindi ito direkta. Mas direkta ang epekto sa lokal na presyo ang mga pagbabago sa gastos sa pagrerepina, mga problema sa suplay o proseso ng pagrerepina, lokal na ipinataw na mga buwis (12% VAT at *excise*), gastos sa transportasyon at palitan ng piso at dolyar.

Sa pangkabuuan, apektado ng mga galaw-kartel ng OPEC+ ang presyo dahil kontrolado nito ang 40% ng suplay at 80% ng mga reserbang langis sa buong mundo. May kakayahan ang kartel na itakda nang lampas-lampas sa gastos nito sa produksyon ang bentahan ng krudong langis sa merkado. Ang Aramco ng Saudi Arabia, halimbawa, ay nakapuprodyus ng krudong langis sa halagang $11.80/bariles noong 2024. Sa taong ito, nasa $31/bariles ang bentahan sa pandaigdigang merkado.

Minamanipula ng OPEC+ ang presyo ng krudong langis sa pandaigdigang pamilihan sa pamamagitan ng koordinadong pagbabawas o pagdadagdag ng suplay. Sa isang pag-aaral, sinasabing hanggang 30% ng pandaigdigang presyo ng langis ay dulot ng manipulasyon ng OPEC+ sa suplay.



Huling nagtakda ng pagbabawas ng produksyon ang OPEC+ noong Nobyembre 2023. Nasa 2.2 milyong bariles kada araw ang napagkasunduan ng mga bansa na ibawas sa produksyon para pigilan ang noo'y pagdausdos na presyo ng krudong langis. Pero simula Abril ngayong taon, nagkasundo naman ang walong pinakamalalaking prodyuser na unti-unting itaas ang suplay sa susunod na tatlong buwan. Sinasabing ganting hakbang ito sa paglabag ng Iran sa itinakdang kota sa produksyon, at sa parehong panahon, pangkontra sa banta ng US na bahain ang merkado ng relatibong mas mura na *shale oil*. Hindi bahagi ng OPEC+ ang US at anumang galaw nito sa produksyon ng langis ay nagbabadyang umagaw ng bahagi ng OPEC+ sa merkado.

Sa pang-araw-araw na kalakaran, salik sa pagbabago-bago ng presyo ng langis ang ispekulasyon sa tinatawag na "futures trading," isang sistema ng kalakalan kung saan binibili at ibinebenta ang langis na ipoprodyus pa lamang at gagamitin sa hinaharap. Sinasabing itinatakda ang presyo ng "futures" alinsunod sa ispekulasyon sa galaw sa merkado, posibleng mga sagka sa produksyon at mga heopulitkal na pangyayari, tulad ng biglaang pagsiklab ng mga gera o pag-aalsa. Pero ayon sa isang kamakailang pag-aaral, 60%-65% ng paggalaw ng presyo ng langis sa loob ng isang *trading day* ay dulot na ng "algorithmic trading" o pagbili at pagbenta ng "futures" alinsunod sa galaw ng teknikal na datos. Wala na itong kinalaman sa aktwal na galaw sa merkado at mga pangyayari sa mundo.

Sundan sa pahina 6

"Planong pangkapayapaan" ng rehimeng Marcos, huwad at inulit-ulit lang

Kabi-kabilang pagkutya ang sumalubong sa "bagong" planong pangkapayapaan ng rehimeng Marcos na isinapubliko ng National Security Council noong huling linggo ng Abril. Pormal na binasbasan ng rehimen ang National Plan for Unity, Peace and Development (NAP-UPD) nang ilabas nito ang Memorandum Circular No. 83 noong Mayo 2.

Kasabay sa pagpapalaganap ng NAP-UPD, ipinangangalandakan ng rehimen at ng NTF-Elcac na lubusan nang magagapi ang armadong kilusan kapag nalansag na ang "huling nakatayong larangan" na sinasabi nitong nasa Camarines Sur sa katapusan ng taon.

Ayon sa Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), niloloko lamang ni Marcos at ng kanyang mga upisyal ang kanilang mga sarili sa pagsasabing magagapi na ang rebolusyonaryong kilusan. Pinabubulaanan ito ng patuloy na pagpakat ng militar ng puu-puong mga batalyong pangkombat laban sa mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan sa buong bansa.

Pagkutya ng PKP, paano magkakaroon ng kapayapaan sa gitna ng tiraniya at pamiminsala sa mamamayan? Nagpapatuloy ang paghahari-harian ng mga sundalo sa daan-daang komundad ng mga magsasaka at katutubo sa tabing ng "community support." Sa mga komunidad na ito, na ipinagmamayabang na "insurgency-free," sinusupil ang karapatan ng mamamayan at laganap ang mga pang-aabuso.

Walang kapayapaan hanggang nakakulong ang mga konsultant sa negosasyong haharap sa pagresolba sa mga ugat ng armadong tunggalian, ayon sa PKP. Hangad lamang ng rehimen na pasukuin ang mga Pulang mandirigma, ipagkanulo ang kanilang rebolusyonaryong paglaban at iwang walang depensa ang mamamayang Pilipino laban sa brutal at marahas na makinarya ng estado.

Hanggang walang pagkilala sa mga ugat ng armadong tunggalian, walang magaganap na kapayapaan, ayon sa PKP.

Kinutya rin ng mga progresibong organisasyon ang NAP-UPD, na tinawag nilang "recycled."

Ayon sa Bagong Alyansang Makabayan at National Union of People's Lawyers, pinanatili ng NAP-UPD ang dati nang mapanupil na pamamaraan para "makamit ang kapayapaan." Malinaw ito sa pagtatakda sa NTF-Elcac bilang nangungunang tagapagpatupad ng programa, alinsunod sa "whole-of-nation" approach. Anila, binigyan lamang ng NAP-UPD ng bagong mukha ang dati nang nasubok at nabigong estratehiya kontra-insurhensya.

Batid ng mga grupo na ang tunay na pinupuntirya ng NAP-UPD ay ang hayag na mga organisasyong masa ng mga manggagawa, magsasaka at iba pang mamamayang api para patahimikin sila sa kanilang paglaban sa reaksyunaryong gubyerno. Malinaw dito ang planong ipaarangkada pa ang pampulitikang panunupil sa mga demokratkong sektor, mula sa pagkait sa kanila ng demokratikong espasyo sa mga paaralan, lugar-paggawa at maging sa parlamento. Malinaw rin ang tunguhin nitong gamitin ang mapaniil na mga batas tulad ng Anti-Terrorism Law at Anti-Terrorist Financing Law para "isara" diumano ang "gripo" ng pinansya at suporta sa armadong rebolusyon. Ang ganitong malisyosong pag-uugnay sa mga sibilyan ay nagsisilbing pasakalye para gipitin, iligal na arestuhin at ibimbin, sapilitang iwala, at maging patayin sila. AB

Mula sa pahina 5

Dereguladong manipulasyon

Sa Pilipinas, ibayo pang naitataas ng mga kumpanya ng langis ang lokal na presyo dahil sa Oil Deregulation Law, ang batas na nagtanggal sa kontrol ng estado sa industriya. Sa ilalim ng batas na ito, pinahintulutan ng estado ang mga kumpanya na "iayon" ang kanilang presyo sa galaw ng pandaigdigang merkado at direktang ipasa ang anumang pagbabago-bago sa mga konsyumer. Ipinasa ang batas sa layuning hikayatin ang "malayang kumpetisyon" sa sektor.

Sa halip na "kumpetisyon," lumikha ang batas ng mala-kartel kung saan ginawang madali para sa mga kumpanya ng langis na manipulahin, magsobrang-presyo (*overprice*) at magsabwatan. Walang obligasyon ang mga kumpanya na ipaalam sa estado at publiko kung magkano sa pagbabago-bago sa presyo ang bahagi ng pagbabago-bago sa presyo sa pandaigdigang merkado; magkano ang bahagi ng pagrerepina, pag-iimbak at transportasyon; at magkano ang inangking kita mula rito. Noong 2019, naitulak ang estado na obligahin ang mga kumpanya na isapubliko ang mga numero, pero aktibo itong nilabanan at ipinahinto ng mga kumpanya.

Napatunayan sa nakaraan na mas malaki ang itinaas ng lokal na mga presyo kumpara sa pagtaas ng presyo ng krudong langis sa pandaigdigang pamilihan. Sa isang pag-aaral ng Ibon Foundation na sumaklaw sa mga pagbabago sa presyo mula 1999 hanggang 2011, mas matas nang 20-22% ang lokal na presyo ng langis kumpara sa itinaas ng presyo ng langis sa pandaigdigang merkado. Dalawa sa pinakamalalaking kumpanya ng langis sa bansa, ang Shell at Caltex, ay mga subsidyaro ng multinasyunal na mga kumpanya, na salarin sa manipulasyon at ispekulasyon sa pandaigdigang saklaw. AB

SA MADALING SALITA

15.4 milyon

boto na 26.85% ng lahat ng mga boto para sa sistemang *party-list* sa eleksyong 2025 ay idineklarang hindi balido o blangko, bahagyang mas mataas kumpara sa eleksyong 2022 na nasa 15 milyon.




kauna-unahang **bilanggong pulitikal** na nanalo bilang konsehal sa eleksyon para sa UP-Diliman University Student Council. Nakakuha siya ng **4,830 boto** at nahalal bilang numero unong konsehal. **Halos 5 taon na siyang nakakulong** sa Tuguegarao City sa gawa-gawang kaso.



Amanda Lacaba Echanis

8 taon na

mula nang idineklara ni Rodrigo Duterte ang **batas militar** sa Mindanao at pinulbos ng bomba ang **Marawi City** noong Mayo 23, 2017. Nagtagal ito hanggang Disyembre 31, 2019.



Hanggang ngayon, nasa 4.2% pa lamang sa mga biktima o **713 sa 17,000 mga pamilya ang nakatanggap ng kumpensasyon mula sa estado.**

Pinagkunan: Marawi Compensation Board, Marso 2025

144 pinatay ng Zionistang Israel

sa unang araw ng malakihang *ground invasion* na **Operation "Gideon's Chariot"** na sinimulan noong Mayo 17.

Layunin ng Israel ang tuluyang sakupin ang buong Gaza.



Buhay gerilya

EPISODE 2

panayam kay **Madaay Gasic**, tagapagsalita ng BHB-Mindoro, mapapanood na sa PRWC, FB/ BuhayGerilya at Youtube.



Africa Day

ipagdiriwang sa Mayo 25 bilang paggunita sa pagkatatatag ng **Organization of African Unity**, na kalauna'y naging **African Union**. Itinatag ang OAU para isulong ang pagkakaisa at pagtutulungan ng anti-kolonyal na mga kilusang mapagpalaya at bagong usbong na mga independyenteng gubyerno sa 30 bansang African noong dekada 1960.

BUWAN NG KALUSUGAN SA PAG-IISIP

12.5 milyong Pilipino

o 11-16% ng populasyon ang dumaranas ng problema sa kalusugan sa pag-iisip, pinakamadalas sa anyo ng *depression* at *anxiety*.

1,530 rehistradong *mental health professional*

sa Pilipinas noong 2023, o 3 sa bawat 100,000 Pilipino.

Pang-aagaw ng lupa para sa dayuhang mga plantasyon, laganap sa Lanao del Sur

Sa munisipalidad ng Amai Manabilang (dating Bumbaran) sa Lanao del Sur, kasalukuyang nagaganap ang malawakan at marahas na pang-aagaw ng lupa ng mga Moro, Lumad at setler na magsasaka. Nagsabwatan ang magkasunod na rehimeng Duterte at Marcos, lokal na dinastiyang Manabilang at ang Armed Forces of the Philippines para palayasin ang mga naninirahan sa lugar at ipagamit ang kanilang mga lupa sa dayuhang mga multinasyunal na kumpanya.

Instrumento ng reaksyunaryong estado ang Southern Philippines Development Authority (SPDA), isang *government-owned and controlled corporation* (GOCC) na nakapailalim sa upisina ng presidente sa pang-agaw ng lupa. Ang SPDA, na itinatag noon pang 1975, ay ginawaran ng karapatan sa "eminent domain." Ibig sabihin, may ligal na kapangyarihan ito na mang-agaw ng mga pribadong lupa para sa "pampublikong gamit." May awtoridad itong igawad ang naagaw na mga lupa sa sinumang pinapaboran nitong lokal o dayuhang korporasyon.


Kaunlaran para sa dayuhan

Bilang panimula, pwersahang inangkin ng SPDA ang 26,000 ektarya sa Lanao del Sur at ipinailalim ito sa Agro-Industrial Development Program (AIDP), isang "special agro-economic zone" na magpapaunlad diumano sa atrasadong ekonomya ng prubinsya. Sinaklaw ng AIDP ang erya na dating nakapailalim sa Kapatiran Agro-Industrial Development Cooperative, isang "kooperatiba" na ginamit ng noo'y diktadurang Marcos para pasukuin ang mga mandirgima ng Moro National Liberation Front. Ang 16,000 ektarya nito ay nasa Wao at ang 10,000 ay nasa Amai Manabilang. Dahil "special economic zone," tatamasa ng maraming insentiba ang mga dayuhang kumpanya dito tulad ng di pagbabayad ng buwis sa kita, VAT at taripa sa inaangkat nitong mga materyal. May diskwento rin ang mga ito sa upa, kuryente at tubig.

Mula 2020, di bababa sa limang malalaking kumpanya ang ipinasok ng SPDA sa "espesyal na sonang agrikultural."

Pinakamalaki dito ang EcoPlanet Bamboo, isang Amerikanong kumpanya, na binigyan ng SPDA ng inisyal na 8,360 ektarya sa 10 barangay sa hangganan ng Amai Manabilang at Talakag, Bukidnon. Sa kasalukuyan, nasa 2,000 ektarya na ang natamnan nito ng komersyal na kawayan. Balak ng kumpanya na magtanim ng kabuuang 100,000 puno, sa tantos na 500 puno kada ektarya.

Inilalako ng EcoPlanet Bamboo ang plantasyon ng kawayan bilang "proyektong maka-kalikasan" na muling bubuhay sa kalbo nang kagubatan. Pero sa ibang bahagi ng mundo, napatunayan nang isang "scam" ang proyekto at ang kumpanya mismo. Kaduda-duda ang pagmamay-ari ng kumpanya, lubog ito sa utang at mapanlinlang ang mga pangako nito na trabaho, pag-unlad at pangangalaga sa kalikasan.



Dagdag sa mga nang-agaw ng lupa ang Asia-Pacific Precision Agriculture Group, isa ring Amerikanong kumpanya. Sinaklaw nito ang 2,000 ektarya at tinamnan ng mais gamit ang abanteng teknolohiya kaya wala itong nalikhang bagong trabaho. Sinira nito ang kalapit na kagubatan para maglatag ng kalsada para mas madaling ipasok ang mga makina at sasakyang gamit sa produksyon.

Ginawaran din ng SPDA ng lupa ang Kennemer Foods International at Sumifru. Ang Kennemer ay isang kumpanyang Pilipino na pinopondohan ng bangkong Dutch at nagsusuplay ng kakaw sa Mars Inc, isang Amerikanong kumpanya. Samantala, ang Sumifru ay isang kumpanyang Japanese na nagpoprodyus ng saging para sa mga merkado ng Japan, Thailand, South Korea at Saudi Arabia. Kasalukuyan itong "umuupa" ng mga lupa sa tantos na ₱25,000/taon o ₱2,038 kada buwan.

Nakatakda ring pumasok ang iba pang dayuhang kumpanya kape tulad ng Nestle (kape), RNF Industries Corporation (abokado) at iba pang produktong pang-eksport.

Marahas na pagpapalayas

Hindi totoo ang sinabi ng SPDA na bakante ang mga lupang sinaklaw ng AIDP, o na ang mga ito ay "nakalbong kagubatan." Okupado at binunbungkal ang ka-

Sundan sa pahina 9

Mapanlinlang na kapayapaan

INSTRUMENTO ANG SPDA sa mapanupil na gera ng "kontra-insurhensya" gamit ang tabing ng "kaunlaran sa ekonomya." Itinayo ito noong 1975 bilang bahagi ng pakete ng "pagsurender" ng mga rebolusyonaryong pwersa ng Moro National Liberation Front sa nakaraan. Noong 1980, itinayo nito ang Kapatiran Agro-Industrial Cooperative Settlement Project sa mga bayan ng Wao at Bumbaran/Amai Manabilang.

Naging bahagi rin ang SPDA sa Comprehensive Agreement on the Bangsamoro (CAB) na pinirmahan noong 2014. Ang kasunduang ito ay resulta ng ilang dekadang pakikipag-usapang pangkayapaan na nagtapos sa pagsurender ng Moro Islamic Liberation Front at pagsalong ng kanilang armas. Isa sa mga kontrobersyal na probisyon ng CAB ang "wealth sharing" sa pagitan ng itatayong parlamento ng Bangsamoro at pambansang gubyerno. Dumadaan dito ang mga kontrata at kasunduan sa pagitan ng mga upisyal na Moro, pambansang gubyerno at mga dayuhang koporasyon.

Sa kasalukuyan, pinamumunuan ang SPDA ni Abdulghani A. Salapuddin, dating kinatawan ng Basilan, at dating mandirigma ng MNLF.

2 Pulang mandirigma, dinukot at sadyang pinaslang ng 62nd IB

NADAKIP AT SADYANG pinaslang ng mga sundalo ng 62nd IB si Tony Pahayahay (Ka Pidol), Pulang mandirigma ng BHB-Central Negros noong Mayo 1 sa Barangay Humay-humay, Guihulngan City, Negros Oriental. Nasugatan sa engkwentro si Pahayahay at nadakip isang kilometro ang layo mula sa pinangyarihan ng labanan. Samantala, isa pang sugatang Pulang mandirigma ang dinakip at hindi pa inililitaw ng mga sundalo.

Sa ibang bahagi ng bansa, tuluy-tuloy ang mga paglabag sa karapatang-tao.

Pag-aresto. Inaresto ng mga pulis ang 10 residente at katutubong Molbog sa Sityo Marihangin sa Barangay Bugsuk, Balabac, Palawan noong Mayo 15. Tinututulan ng mga katutubo ang San Miguel Corporation sa pag-angkin sa kanilang lupa para tayuan ng resort na sumasaklaw sa mahigit 5,500 ektarya.

Militarisasyon. Mula pa Marso ay nakapailalim ang ilang mga barangay mula sa bayan ng Baleno at Masbate City sa RCSP. Ayon sa PKM-Masbate, kinokontrol ng mga militar ang bawat galaw ng mga residente at tinatakdaan ng dami ng pagkain na pwede lamang ikonsumo. Lantaran ding ninanakaw ng militar ang kanilang mga alagang hayop.

Red-tagging. Dalawang lider-estudyante mula sa UP Cebu ang umatras sa kandidatura para sa eleksyon ng mag-aaral sa kampus nitong Mayo dahil sa matinding *Red-tagging*. Anila, matinding takot ang dinanas ng dalawang kandidato at ng kanilang mga pamilya matapos lumabas sa *social media* ang kanilang larawan at pangalan na idinadawit sa armadong rebolusyonaryong kilusan.

Mula sa pahina 8

lakhan ng mga ito ng mga Moro, Lumad at setler na magsasaka sa matagal nang panahon. Malaking bahagi nito ay lupang ninuno ng mga Maranao at Higaonon.

Sinamantala ng SPDA ang kawalan ng ligal na katibayan ng mga Moro, Lumad at setler para agawin ang kanilang mga lupa. Ipinademolis ng ahensya ang mga kabahayan at binuldoser ang mga sakahan, kabilang ang ekta-ektaryang tubuhan, gulayan at maisan. Isinagawa ang mararahas na demolisyon at mga pagpapalayas gamit ang mga sundalo at pulis, gayundin ang mga elemento mula sa CAFGU, MILF at *private army* ng pamilyang Manabilang.

May mga pamilyang inagawan nang hanggang 30 ektaryang sakahan, kabilang yaong mga magsasaka ng gulay tulad ng karots, repolyo, patatas at iba pa. Marami ang tumangging lumipat sa *relocation site* kung saan ang alok ay 40 metro kwadradong lupa lamang kada pamilya. Ang mga nakiusap na manatili sa mga sakahan ay binigyan lamang ng sangkapat (1/4) na ektarya.

Ang ibang napalayas na magsasaka ay pinatrabaho sa mga plantasyon ng Sumifru. Napakababa na ng isinasahod sa kanila, madalas pa itong nahuhuli. Wala silang mga benepisyo at katiyakan sa trabaho.

Sa kaso ng EcoPlanet, tinamnan ng kawayan ang mga sakahang mayroon pang mga nakatanim. Nagtanim din ang mga tauhan nito ng binhi hanggang tarangkahan ng mga kabahayan. May ibang pinwersang "i-donate" ang kanilang lupa sa kumpanya.

Sa lahat ng ito, kasabwat ang pamilyang Manabilang na naghahari sa lokal na gubyerno. Ginawa nitong "sampol" ang pag-aresto sa ilang tumangging umalis sa lupa, pagkulong sa kanila at pagpataw ng mataas na pyansa para pagbantaan ang mga lumaban. Naghahari sa pamamagitan ng teror ang pamilyang Manabilang. Bantog ito sa masaker ng 17 setler na Ilonggo noong 2014.

Gayunpaman, may mga hindi natinag at pinagbubunot ang mga bagong tanim na kawayan sa mga sakahan. May mga pagkakataon ring napigilan ng mga residente ang pagbuldos ng kanilang tubuhan. Nanawagan sila sa mga upisyal, at minsan pang tumungo sa Cagayan de Oro para magsagawa ng kilos protesta. Ang lahat ng ito'y panimula pa lamang at maaaring maging puhunan sa susunod nilang laban. AB

Panawagan para sa pagbasura ng kontrata sa PrimeWater, lumalawak

Kulay tsaa o kape, mabaho at di kayang inumin na tubig; may tubig lamang tuwing hatinggabi o madaling araw, may mga araw na walang tubig, ilang minuto na puro hangin lamang ang lumalabas sa gripo pero umaandar ang metro; mahal at patuloy na nagmamahal na singil sa serbisyo sa tubig—ang mga ito ang karima-rimarim na kalagayan at karanasan ng mamamayan na ilang taon nang nakapailalim sa PrimeWater ang pagsusuplay ng tubig sa kanilang mga lugar.


Pribatisasyon ng serbisyo sa tubig

Ang PrimeWater Infrastructure Corporation (PrimeWater) ay kumpanyang pag-aari ng pinakamalaking burgesyang komprador sa buong Pilipinas na pamilyang Villar. Sa buong bansa, umabot sa 130 *water district* mula sa mga syudad at munisipalidad ang kontrolado ng PrimeWater sa pamamagitan ng mga *joint venture agreement* (JVA). Tinatayang nasa 16 milyon ang nakaasa dito.

Sa ilalim ng JVA, pinapaloob ang mga *local water district* (LWD) sa *public private partnership* (PPP) sa PrimeWater. Sa ganitong sistema, nagiging pribado ang serbisyo sa tubig sa halip na pampublikong serbisyo.

Sa JVA, itinatali ng kumpanya ang mga LWD sa 25 taong kontrata. Ang PrimeWater na ang mangangasiwa sa operasyon, pagsasaayos, pagpagpapaunlad at pagtatayo ng mga imprastraktura, pagmantine ng suplay ng tubig at *septic management system*, at pagsingil ng bayad sa serbisyo. Ang PrimeWater rin ang nagtatakda sa magiging pagtaas ng taripa at singil sa serbisyo bilang bahagi ng pondo nito diumano para sa pagpapaunlad ng serbisyo. Taga-subaybay na lamang ang mga LWD.

Taliwas sa mga pangakong nakapaloob sa JVA, ilan taon nang inirereklamo ng mg LWD ang lantarang hindi pagsunod ng PrimeWater sa kanilang mga kontrata na nagdulot ng palpak na serbisyo sa mga sinusuplayan nito ng tubig sa buong Pilipinas. Ilang beses din nagpaabot ang Commission on Audit hinggil sa di pagsunod sa kontrata ng PrimeWater, hindi pagbigay ng sapat na pondo o pamumuhunan para sa pagpapaunlad ng serbisyo at pagbaba ng kita ng mga LWD habang mas malaki ang kinikita ng PrimeWater pagdating sa hatian sa kita at iba pang anomalya.



Pagbasura sa PrimeWater

Mula sa patung-patong na reklamo sa bulok na serbisyo ng PrimeWater, paghahain ng petisyon, paglulunsad ng mga *press conference*, *noise barrage*, hanggang sa pagsampa ng pormal na reklamo, iba-ibang porma ng sama-samang pagkilos ang isinagawa ng mamamayan at ng mga organisasyon na nagsusulong para sa karapatan sa serbisyo sa tubig. Dahil dito, natulak ang mga LWD at lokal na ahensya ng gubyerno na imbestigahan, aksyunan at putulin na ang kontrata sa PrimeWater.

Naglabas ng resolusyon na nagtatapos ng JVA sa Primewater ang LWD ng San Jose Del Monte noong Abril 3, ang prubinsya ng Quezon noong Abril 30 at ang Metro San Fernando Water District sa La Union noong Mayo 8.

Naghain naman ng Notice of Intention to Pre-terminate ng JVA sa PrimeWater ang Camarines Norte Water District noong Enero 20, gayundin ang City of San Fernando Water District sa Pampanga noong Mayo 1. Nagpahayag din ang Leyte Metropolitan Water District sa Tacloban City ng intensyong bawiin ang JVA noong Mayo 5.

Lumalawak at lumalakas naman ang panawagan ng mamamayan ng Bacolod at mga residente ng Tierra Nova Subdivision sa Barangay Bagumbong, Caloocan para tapusin na ang JVA ng PrimeWater sa kanilang lugar.

Sa kongreso, naghain ang mga kinatawan ng mga *party-list* sa ilalim ng Makabayan ng House Resolution 2279 noong Mayo 6, na naghihikayat na imbestigahan ng Kongreso ang mga JVA ng PrimeWater at mahigit 130 LWD sa buong bansa. Nanawagan si Rep. Arlene Brosas ng Gabriela Women's Party para sa kagyat na pagsasabatas ng House Bill 10150 o Anti-Privatization of Public Water Systems Act.

Nagsumite rin ng reklamo ang mga konsyumer ng PrimeWater at Bayan Muna sa Malacañang noong Mayo 8 upang itulak si Ferdinand Marcos Jr na ibasura ang lahat ng JVA sa PrimeWater dahil sa patung-patong na mga kapalpakan at ligal na mga anomalya nito. AB